Republic of the Philippines
Department of Education
REGION III – CENTRAL LUZON
DIVISION OF PAMPANGA
MACABEBE HIGH SCHOOL


**IKALAWANG MARKAHANG PAGSUSULIT**
**FILIPINO 9**


**PANGALAN: ______________________________** **PETSA: ________________**
**BAITANG AT PANGKAT: ______________________** **ISKOR:_________________**


**Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.**


**Para sa bilang1-2,** sa pagbabasa ng Tanka at Haiku, napakahalaga ang tamang pagbigkas upang tamang mensahe ay maihatid sa madla.

1. Ano ang tinutukoy na kahulugan ng salitang **BU-**hay kung ang diin a unang pantig?
   A. kapalaran ng tao B. Humihinga pa C. Kaginhawaan ng tao D. Kapalaran ng tao

2. Alin ang tamang ilustrasyon ng tono ng intonasyon na angkop sa pagbigkas ng salitang MAMAYA, na may kahulugang *pag-alinlangan*?
   A. 

   B. 

   C. 

   D. 


3. Ano ang paksa ng Haiku?

***I.*** ***Iyong galangin,***
***Ang asawa'y yakapin***
***Huwag bugbugin.***

***II.*** ***Huwag nang buksan,***
***Lahat ng nakaraan***
***Walang sumbatan.***

***III.*** ***Planong pamilya,***
***Ay dapat ginawa***
***Ng mag-asawa.***

   A. Buhay may asawa B. Ang pag-aasawa C. Pagpaplano ng pamilya D. Pag-aaruga ng pamilya

4. Ang tula sa blg. 3 ay binubuo ng ilang taludtod o linya ang bawat saknong?
   A. Apat B. pito C. labimpito D. tatlo

**Para sa bilang 5-7,**

***Payapa at tahimik***
***Ang araw ng tagsibol***
***Maaliwalas***
***Bakit ang Cherry Blossoms***
***Naging mabuway.***

5. Anong uri ng katutubong tula ng mga Hapon ang nasa itaas?
   A. Ambahan B. Haiku C. Tanaga D. Tanka

6. Ano ang sukat ng bawat taludtod o linya ng tula?
   A. 5-7-5-7-7 B. 7-7-5-7-5 C. 5-7-7-5-7 D. 7-7-7-5-5

7. Paano malalaman ang sukat ng isang tula?
   A. sa pamamagitan ng pagbibilang sa salita sa bawat taludtod
   B. sa pamamagitan ng pagbibilang bawat titik ng bawat taludtod
   C. sa pamamagitan ng pagpapantig-pantig sa bawat salita
   D. sa pamamagitan ng pagbibilang ng bawat pantig sa bawat taludtod

**Address**: San Roque, Macabebe, Pampanga
**Email**: 306920@deped.gov.ph

**Para sa bilang 8-9,** basahing mabuti ang bawat pangungusap at piliin ang angkop na salita batay sa pagkakagamit nito sa pangungusap.

8. Matinding _______ang dinanas ng mga tao sa Pilipinas dahil sa COVID-19.
A. sa:KIT B. SA:kit C. sa:kit D. SA:KIT

9. Sobrang sakit sa _______ ang mawalan ng mahal sa buhay.
A. pu:SO B. PU:so C. pu:so D. PU:SO

**Para sa bilang 10-11,** alin sa sumusunod ang kasingkahulugan ng sinalungguhitang salita.

10. Haiku

*<u>Lakbay na hirap</u>*
*Pangarap ng naglayag*
*Tuyong lupain*

A. Pagtupad sa pangarap B. Pagtitiis para sa pangarap
C. Nagdarasal na makamtan ang pangarap D. Malayo ang tingin

11. Tanka

Napakalayo pa nga
*<u>Wakas ng paglalakbay</u>*
Sa lilim ng puno
Tag-init noon
Gulo ang isip.

A. May patutunguhan B. Pagtitiis para sa pangarap
C. Nagdarasal na makamtan ang pangarap D. Malayo ang tingin

12. Suriin kung ano ang tono o layunin ng nagsasalita. "Umulan ba kahapon?"
A. nagtatanong B. nag-aalinlangan C. nagpapahayag D. nagbubunyi

**Para sa aytem 13-,** basahin ang bahagi ng teksto na nasa ibaba.

"Sa maliit na kubo nakatira ang mag-inang pusa. Hindi matatawaran ang pagmamahal ni Binay sa kanyang dalawang anak. Kaya labis ang pag-aalaga niya. "Ikaw Milay ang taba mo?", wika ni Binay. Tuwang-tuwa naman si Kabong habang dinidilaan ng ina ang balahibo nito.

"Sa 'di kalayuan takam na takam na nagmamasid si Bowa, ang malaking ahas na kaibigan ni Binay, sa malulusog na katawan ng mga kuting. Agad niya itong nilapitan, "Binay! mukhang napakalusog ng mga anak mo ah. Napangiti pa habang tuloy tuloy sa pagsasalita. Ay! oo nga pala may gusto akong ipakita sa iyo Binay, na tiyak magugustuhan mo, tira-tirang laman ng manok. Hindi ko kasi mauubos ito. Halika! tingnan natin?" Napalundag sa sobrang tuwa si Binay na agad naman itong sumama. Pagdating nila roon, walang pagkain na nakikita ang inang pusa.

"Oh, nasaan na ang pagkain?" tanong ni Binay. "Sandali! Sandali! Dito lang yon ah", pakunwaring paghahanap si Bowa. "Binay hintayin mo ako rito, nasa kabila lang pala", pagsisinungaling nito. "Sige, pero bilisan mo lang kasi nagugutom na ang mga anak ko". Yahoo! singbilis ng kidlat na nawala si Bowa at agad dumeretso sa kubo. Sa sobrang inis ni Binay sa kahihintay na bumalik ang kaibigan nagpasya siyang umuwi na ng bahay. "Teka lang! bakit tahimik masyado?, pagtataka ni Binay. "Milay! Kabong! mga anak nasaan na kayo?" Nawawala ang kanyang mga anak. Naghihinagpis si Binay sa nangyari at sinisi ang sarili. Simula noon hindi na rin nagpakita si Bowa, ang kaibigan niyang ahas.

*-Ang teksto ay sariling likha ni: Elsie V. Malagum*

13. Batay sa papel na ginagampanan ng ahas sa pabula, anong damdamin ang mahihinuha sa pahayag?
A. paghanga B. pagtulong C. pagkatuwa D. panlilinlang

14. Anong positibong aral ang ipanahihiwatig ng ginampanang papel ng pangunahing tauhan?
A. Lahat ng kaibigan ay mapagkatiwalaan. C. Huwag maniniwala sa mga sinasabi ng iba.
B. Mag-ingat sa mga mapagkunwaring kaibigan. D. Ang buhay ay may maraming pagsubok.

15. Paano ginampanan ng mga hayop ang kanilang papel bilang tauhan sa kuwento?
A. Sa pamamgitan ng pagsasalita at pagkikilos na parang mga tao
B. Sa pamamagitan ng pagpapalit - anyo nito ng isang tao
C. Sa paraang sila ang namamahala sa kuwento
D. Sa paraang sila ang sumasaksi sa pagtatanghal ng mga aktor

16. Napalundag sa sobrang tuwa si Binay na agad naman itong sumama. Sa pangungusap na ito, anong damdamin ang nangingibabaw sa tauhan?
A. pagkalungkot B. pagkagulat C. paghanga D. pagkatuwa

17. *Sa di kalayuan takam na takam na nagmamasid si Bowa, ang malaking ahas na kaibigan ni Binay, sa malulusog na katawan ng mga kuting*. Alin sa mga sumusunod ang nagpapahiwatig sa tunay na damdamin ng tauhan?
A. Nagugustuhan niya ang mga kuting.
B. Itinuturing niyang parang anak ang mga kuting.
C. Hinahangaan niya ang pagmamahalan ng mag-iinang pusa.
D. Gusto niyang kainin ang mga malulusog na kuting.

18. "Milay! Kabong! Mga anak nasaan na kayo?", sigaw ng inang pusa nang hindi matagpuan ang mga anak. Anong damdamin ang mahihinuha sa pahayag ng tauhan?
A. pag-aalala B. pagkalungkot C. pagmamakaawa D. pagkatuwa

19. "Naku! Tumaas ang bilang ng nagpositibo sa Covid-19." Anong ekspresyon ng damdamin ang ipinapahayag dito?
A. Patalinghaga B. diretsahang paraan C. maikling sambitla D. pandamdam

20. "Bilis!" Anong ekspresyon ng damdamin ang ipinapahayag nito?
A. pandamdam B. maikling sambitla C. naglalarawan D. patalinghaga

21. Nakapagpatayo si Dona ng malaking bahay mula sa pagtitinda ng gulay. Ang tamang ekspresyon sa pangungusap na ito ay______.
A. Naku po! B. Wow! C. Sobra na! D. Yahoo!

22. Ilagay sa mga baitang o antas ang mga sumusunod na salita ayon sa tindi ng damdaming ipinahahayag.
1. iyak 2. hikbi 3. hagulgol 4. nguyngoy
A. 2-4-1-3 B. 1-2-3-4 C. 4-5-3-2-1 D. 3-4-5-1-2

23. Sa pangungusap na "Matagal ko nang dapat sabihin sa iyo na mahal kita. Alin sa sumusunod ang salitang nagpapatindi ng salitang "mahal"?
A. gusto kita B. type kita C. crush kita D. sinasamba kita

24. Alin sa mga sumusunod na parirala o sugnay ang nagpapahayag ng tindi ng damdamin.?
A. gutom B. hayuk na hayok C. kumakalam ang sikmura D. nagugutom

***Para sa bilang 25-27, Basahin at unawain ang sanaysay sa ibaba at sagutin ang mga tanong.***

Nanunuot sa kalamnan ang lamig na dulot ng kalungkutan, dahil sa pagkawalay sa iyong magulang upang maragdagan ang kaalaman. Buhay *Senior High School* ay isang bagong mundo. Magkakaroon ka ng bagong kaibigan o ka- ibigan kaya napakainam.

Ang minsang pagpapadama ng init ng iyong kaibigan o ka-ibigan ay tila ba kay inam, ito'y naging bisyo na ng iyong katawan. Nakalimot ka sa iyong sinumpaan. "Inay, Itay iuuwi ko diploma ng karunungan."

Huwag mo sanang kalimutan ang kapal ng kalyo sa kamay ng iyong magulang, babad nilang mga paa sa putikan, may maipadala lamang sa iyong pangangailangan.

*Ni: Cristia Marie C. Colastre*

25. Paano inilahad ng manunulat ang layunin sa binasang talata?
    A. sa pamamagitan ng paglalahad ng mga sitwasyon
    B. sa pamamagitan ng pag-isa-isa ng nadarama ng mag-aaral
    C. sa pamamagitan ng pagbibilang ng paghihirap ng magulang
    D. sa pamamagitan ng pagbibigay halimbawa ng pangyayari

26. Paano ipinapakita sa teksto ang realidad sa lipunan na ang mag-aaral ay may malaking responsibilidad na nakaatang sa kanilang balikat?
    A. sa pamamagitan ng sitwasyong naglalahad ng tungkulin ng mag-aaral
    B. sa pamamagitan ng pagbibigay linaw sa hirap ng mag-aaral
    C. sa pamamagitan ng paglalarawan ng mga karanasan ng mag-aaral
    D. sa pamamagitan ng paglalahad ng pangarap ng mag-aaral

27. Ano ang nais ipahiwatig ng pahayag na ito, "Huwag mo sanang kalimutan ang kapal ng kalyo sa kamay ng iyong magulang, babad nilang mga paa sa putikan, may maipadala lamang sa iyong pangangailangan".
    A. nagpaalala na kailangan ayusin ng mag- aaral ang kaniyang pag-aaral
    B. nagpaalala na kailangan maghirap ang mag-aaral sa pag-aaral
    C. nagpaalala na ang sakripisyo ng magulang ay para sa ikabubuti ng anak
    D. nagpaalala na ang magulang ay handang magpakahirap para sa anak

28. Manunulat sa pahayagang pampaaralan si Lydia. Nakita niya ang kakulangan ng kaalaman ng mga kaklase niya sa tamang paraan ng paghuhugas ng kamay. Ano ang maaaring layunin niya kung susulat siya tungkol dito?
    A. magturo dahil hindi nila alam ang tamang paraan ng paghuhugas
    B. magpuri dahil sa kahanga-hangang layunin ni Lydia
    C. manghikayat upang malaman ng lahat ang tamang paraan
    D. manuligsa dahil hindi nila alam ang tamang paraan ng paghuhugas.

29. Batay sa unang tanong, ipaliwanag ang paksa ng susulatin ni Lydia?
    A. Ang pagbabahagi ni Lydia dahil gawain niya ang pagbabahagi.
    B. Ang tamang paghuhugas ng kamay dahil tungkol dito ang paksa.
    C. Ang kakulangan ng kaalaman ng mga mag-aaral sapagkat kulang ang kaalaman ng mga bata.
    D. Ang kahalagahan ng paghuhugas ng kamay sapagkat ilalahad niya ang kahalagahan nito.

***Para sa bilang 30,*** *pakisangguni sa bahagi ng sanaysay sa ibaba.*

> Sa gitna ng pandemya buong pugay na iwinagayway ng mga atletang Pilipino ang bandila ng Pilipinas sa nakaraang *2021 Tokyo Olympics*. Buong tikas na nag-uwi ng medalyang ginto si Hidilyn Diaz sa larangan ng *weightlifting* sa babae. Medalyang pilak naman ang alay nina Carlo Paalam at Nesthy Petecio at medalyang tanso mula kay Eumir Marcial sa larangan ng boksing.

30. Ano ang kaisipang nais ihatid ng sanaysay?
    A. Ang Pilipino ay larawan ng isang tunay na manlalarong matikas at malakas.
    B. Ang Pilipino ay larawan ng isang manlalaro na hindi sumusuko hanggat hindi nagwawagi.
    C. Ang Pilipino ay larawan ng laro sa gitna ng pandemya upang malibang.
    D. Ang Pilipino ay larawan ng manlalaro na kayang manalo sa anumang larangan ng isports.

***Para sa mga bilang 31-32***, pakisangguni sa bahagi ng sanaysay sa ibaba.

31. Ano ang paksa ng talata sa itaas? Ipaliwanag.
    A. Nagugunita ng sumulat ang panahon na nagbago ang kanyang paligid dahil sa tao na dumating.

B. Nagugunita ng sumulat ang pagbabagong hatid ng taong bagong dating sa kanyang buhay.
C. Nagugunita ng sumulat ang pagkakaiba ng mga tao na dumarating sa kanyang buhay.
D. Nagugunita ng sumulat ang kanyang karanasan sa bawat tao na kanyang nakasalamuha.

32. Ano ang kaisipang nais iparating ng sanaysay? Bakit?
A. Ang isang bagay na kaaya-aya ay tunay na nagbibigay saya.
B. Ang isang bagay na kaaya-aya ay tunay na biyaya.
C. Ang isang bagay na kaaya-aya ay tunay na kamangha-mangha.
D. Ang isang bagay na kaaya-aya ay tunay na kagila-gilalas.

***Para sa bilang 33-34***, basahin ang sanaysay sa ibaba at sagutin ang mga tanong.

*Face mask!*

1 *Face shield!*

Alkoho!l

Limitado sa tindahan, madalas nagkakaubusan.

Kaylamig ng simoy ng hangin na humahampas sa kainosentehan ng kanyang mukha. Punong-puno ng pangarap. Pangarap na sanay makaakyat sa intablado, mahawakan ang puting papel at masabitan sa leeg ng kende at borloloy na bulaklak.

Subalit ano ito? *Virtual Graduation?* Di na pwede lumabas kasi may COVID-19, di na makapaglaro sa kalye? Palaging may *face mask* na suot at *face shield*. Nakakaumay subalit kailangan sabi ni nanay.

*- Ni: Cristia Marie C. Colastre*

33. Subalit ano ito? *Virtual Graduation*? Di na pwede lumabas kasi may COVID-19, di na makapaglaro sa kalye? Palaging may *face mask* na suot at *face shield*. Nakakaumay subalit kailangan sabi ni nanay. Ano ang pananaw ng may-akda?
A. Gusto ng may-akda na ipaalala na kailangan sumunod sa alituntunin ang mambabasa sa pag-iwas sa COVID-19.
B. Gusto ng may-akda na ipaalala na kailangan maging alisto sa panahon ng paglaganap ng COVID-19.
C. Gusto ng may-akda na ipaalala na kailangan merong nakaimbak na pangunahing pangangailangan ang mambabasa.
D. Gusto ng mga-akda na ipaalala na kailangan sumunod sa alituntunin upang makaiwas sa COVID-19.

34. *Face mask, face shield* at alkohol, gaano kahalaga sa kalusugan ng tao ang mga ito sa panahon ng pandemya?
A. Mahalaga ang *face mask, face shield* at alkohol upang maiwasan ang paglaganap ng pandemya.
B. Mahalaga ang *face mask, face shield* at alkohol upang maiwasan pagpunta sa doktor dahil sa pandemya.
C. Mahalaga ang *face mask, face shield* at alkohol upang hindi mahawaan ng sakit, lalong-lalo na ang COVID-19.
D. Mahalaga ang *face mask, face shield* at alkohol upang maiwasan ang mga sakit.

35. Alin sa sumusunod na mga bahagi ng kuwento ang naglalahad ng mga kasagutan sa suliranin ng akda?
A. panimula B. wakas C. banghay D. pababang aksiyon

36. "Puwede kang manatili dito ngayon, sabi ni Tito Rey." Anong elemento ng maikling kuwento ang lantad sa pahayag na ito?
A. tagpuan B. tauhan C. banghay D. tema

37. *"Isang bagay lang ang hinding-hindi ko makakalimutan tungkol kay Dingdong-hindi pa siya pumupunta dito nang hindi niya taglay ang ingay at halakhak.*" Ano ang ipinapahiwatig ng nakaitalisadong mga salita?
A. masayahing tao si Dingdong C. mahirap kalimutan si Dingdong
B. maraming naiinis kay Dingdong D. mahilig humalakhak si Dingdong

38. Anong elemento ng maikling kuwento ang nais bigyang-pansin sa bahaging ito?

Natatanaw ko ang aking sarili sa isang masusukal at tahimik na kapaligiran. Tanging huni ng ibon lamang ang maririnig at paspas ng hangin. Isang maliit na bahay na giray na giray na yari sa kawayan ang makikita sa di-kalayuan.

A. tagpuan B. banghay C. tauhan D. kasukdulan

39. Anong bahagi ng kuwento ang tumutukoy sa kapana-panabik na pangyayari sa kuwento?
A. panimula B. kasukdulan C. suliranin D. wakas

40. Tukuyin ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari batay sa kuwento na nakapaloob sa kahon.

> Isang araw, namamasyal si Vilma sa plaza kasama ang kaniyang mga kaibigan. Habang naglalakad, nabangga siya ng isang batang gusgusing lalaki. Napikon si Vilma, at pinagalitan niya ang bata. Humingi ng tawad ang bata, at inirapan lang ito ni Vilma. Pumasok sila sa isang Department Store malapit sa plaza upang bumili ng mga gagamitin para sa kanilang proyekto. Nang siya ay magbabayad na, wala sa kaniyang *shoulder bag* ang pitaka. Bigla niyang natandaan na binangga siya ng isang batang lalaki, at tiniyak niya na ito ang kumuha ng kaniyang pitaka. Agad hinanap ng magkakaibigan ang bata. Nang makita nila ito, agad hinablot ni Vilma ang damit ng bata at pilit na pinaamin sa pagkuha ng kaniyang pitaka. Tinakot nila itong dalhin sa isang presinto ng pulis, Walang tigil naman ang pagtanggi ng bata. Dahil sa takot na madala sa pulis ay bigla itong tumakbo. Hindi niya napansin ang humarurot na sasakyan kaya siya ay nabangga.

I. Habang papunta sa plaza, nabangga siya ng isang batang lalaki.
II. Pilit na pinaamin sa pagkuha ng kanyang pitaka.
III. Nang siya ay bumili ng mga gamit para sa proyekto, napansin niya na wala sa kanyang *shoulder bag* ang pitaka.
IV. Ngunit ang bata ay panay ang tanggi kahit na pilit na pinapaamin ni Vilma.

A. I, II, III, IV B. I. III. II. IV C. I, IV, III, II D. I, III, IV, II

41. "Kawangis ng madilim na kalangitan ang nadarama ng magiting na mandirigmang naninimdim sa takbo ng kapalarang sinapit na nakatalungko sa isang sulok ng makipot at karima-rimarim na piitan." Alin ang maaring tagpuan sa pangungusap?
A. Madilim na kalangitan
B. Magiting na mandirigma
C. Takbo ng kapalaran
D. Makipot na piitän

42. Anong larangan ang sumasakop sa mga gumagalaw na larawan bilang isang anyo ng sine o bilang bahagi ng industriya ng libangan?
A. Dula B. role play C. pelikula D. maikling kuwento

***Para sa aytem 43-44. Panuto: Suriin ang dayalogo at tukuyin kung anong bahagi ito ng dula***

> - Pag-uusap nina Borte at Temüjin:
>
> Borte: "Anong mayroon sa akin, bakit ako ang pinili mo?"
>
> Temujin: "Di ko rin alam. Ang tanging alam ko lamang ay ito ang ibinigay ng pagkakataon sa akin. Ikaw ang aking nakita. Kaya naman pagbigyan mo na ako. Hindi naman ibig sabihin na pumayag ka ay pakakasal na tayo."

A. tagpo B. yugto C. banghay D. eksena

> - Yesügei: "Ganang desidido ka na, sino ba ako para di-sumang-ayon sa iyong kagustuhan. Ang iyong buhay naman ang nakataya rito" (Matiim na titingnan si Borte) "Okay lang ba sa iyo?"
>
> Borte: "Opol"
>
> Yesügei: "Kung gayon halina kayong dalawa at kausapin natin ang mga magulang mo Borte."
>
> Matapos makipagsundo sa mga magulang ni Borte, ang mag-ama ay naglakbay pauwi sa kanilang dampa sa malayong nayon ng Mongolia.

A. tagpo B. yugto C. banghay D. eksena

45. *Ang mag-amang* <u>*Dan at Danilo*</u> *ay masayang naglakbay pauwi sa kanilang dampa sa malayong nayon ng Mabini*. Ang nakasalungguhit na mga salita ay tumutukoy sa _________ng isang teksto.
A. Banghay B. Tagpuan C. Iskrip D. Tauhan

46. *Masayang namamasyal ang munting binibini sa malawak na parang kung saan napapalibutan ng malaparaisong tanawin*.
Ang maaaring tauhan sa pangungusap ay _______.
A. Masayang namamasyal C. Munting binibini
B. Malawak na parang D. Malaparaisong tanawin

47. Aling pahayag sa ibaba ang tumutukoy sa kahalagahan ng pangatnig at transitional devices?
A. nakatutulong sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa isang kuwento
B. nagbibigay- kahulugan sa konotasyon at denotasyon ng mga salita
C. tumutukoy sa mga pangunahing tauhan sa maikling kuwento o alamat
D. kumikilala kung kailan naganap, nagaganap, at gaganapin ang kilos o pangyayari

**Para sa aytem 48-50**. Panuto: Basahing mabuti at piliin ang letra ng angkop na pang-ugnay sa sumusunod na pahayag.

48. Ang kanyang nilutong ulam na tinolang manok ay _______ lahat.
A. para sa B. ukol kay C. tungkol sa D. hinggil sa

49. Gusto niyang bumili ng damit, _________ wala siyang pera.
A. dahil B. kung gayon C. ngunit D. sapagkat

50. Masama sa may sakit na diabetes ang matatamis ______ pagkain.
A. sa B. na C. ng D. nang

***NOTES:***
*This free file was submitted to the **DepEd Club Team** - **depedclub.com** for compilation.*
*Full credits and recognition are respectfully given to the original file owner and contributor.*
*The DepEd Club Team does not claim ownership of these materials and acknowledges the rightful creators.*
*For updated on newest Free Files, Follow us on our Official Facebook Page.*

## Key to Correction

1. D – Kapalaran ng tao
2. A – (Tamang ilustrasyon ng intonasyon, pag-alinlangan)
3. A –
4. D – Tatlo
5. B – Haiku
6. A – 5-7-5-7-7
7. D – sa pamamagitan ng pagbibilang ng bawat pantig sa bawat taludtod
8. C – sa:kit
9. A – pu:SO
10. B – Pagtitiis para sa pangarap
11. D – Malayo ang tingin
12. A – Nagtatanong
13. D – Panlilinlang
14. B – Mag-ingat sa mga mapagkunwaring kaibigan
15. A – Sa pamamagitan ng pagsasalita at pagkilos na parang mga tao
16. D – Pagkatuwa
17. D – Gusto niyang kainin ang mga kuting
18. A – Pag-aalala
19. B – Diretsahang paraan
20. B – Maikling sambitla
21. B – Wow!
22. A – 2-4-1-3
23. D – Sinasamba kita
24. B – Hayuk na hayok
25. A – Sa pamamagitan ng paglalahad ng mga sitwasyon
26. A – Sa pamamagitan ng sitwasyong naglalahad ng tungkulin ng mag-aaral
27. C – Nagpaalala na ang sakripisyo ng magulang ay para sa ikabubuti ng anak
28. A – Magturo dahil hindi nila alam ang tamang paraan ng paghuhugas
29. D – Ang kahalagahan ng paghuhugas ng kamay sapagkat ilalahad niya ang kahalagahan nito
30. D – Ang Pilipino ay larawan ng manlalaro na kayang manalo sa anumang larangan ng isports
31. B – Nagugunita ng sumulat ang pagbabagong hatid ng taong bagong dating sa kanyang buhay
32. B – Ang isang bagay na kaaya-aya ay tunay na biyaya
33. A – Sumunod sa alituntunin ang mambabasa sa pag-iwas sa COVID-19
34. C – Mahalaga ang face mask, face shield at alkohol upang hindi mahawaan ng sakit, lalo na ang COVID-19
35. B – Wakas
36. A – Tagpuan
37. A – Masayahing tao si Dingdong
38. A – Tagpuan
39. B – Kasukdulan
40. B – I, III, II, IV
41. D – Makipot na piitan
42. C – Pelikula
43. D – Eksena
44. B – Yugto
45. B – Tagpuan
46. C – Munting binibini
47. A – Nakatutulong sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa isang kuwento
48. A – Para sa
49. C – Ngunit
50. C – Ng